Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment and Natural Resources Office**

May 26, 2021

DENR-MIMAROPA REGION
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
ORIENTAL MINDORO
PENRO TRACKING NO.
RECEIVED BY:
DATE 5/28/21

**MEMORANDUM**

**FOR** : The Regional Executive Director

**THRU** : The PENR Officer

**FROM** : The OIC- CENR Officer

**SUBJECT** : **ENDORSEMENT OF THE APPROVED/ADOPTED MINUTES OF THE 1ST REGULAR NAUJAN LAKE NATIONAL PARK - PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) MEETING, EXECUTIVE COMMITTEE AND SUMMARY OF THE MINUTES OF 2ND REGULAR MEETING**

Respectfully forwarding the approved /adopted minutes of the 1st Regular NLNP-PAMB and Executive Committee Meetings as well as the summary of minutes during the 2nd Regular Meeting and passed resolutions.

For information, record and approval.

**ANASTACIO A. SANTOS, RPF, MPA**

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment and Natural Resources Office**

May 26, 2021

**MEMORANDUM**

**FOR** : The OIC- CENR Officer

**FROM** : The ECOMS I / Assistant PASu, NLNP

**SUBJECT** : **ENDORSEMENT OF THE APPROVED/ADOPTED MINUTES OF THE 1ST REGULAR NAUJAN LAKE NATIONAL PARK - PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) MEETING, EXECUTIVE COMMITTEE AND SUMMARY OF THE MINUTES OF 2ND REGULAR MEETING**

I am pleased to endorse the following documents regarding the concluded NLNP-PAMB Meetings.

| No. | Document/s | Date of Meeting | Remarks |
|---|---|---|---|
| 1. | Approved / Adopted Minutes of the 1st Regular NLNP-PAMB Meeting | March 10, 2021 | Approved/Adopted during the 2nd Regular Meeting |
| 2. | Approved / Adopted Minutes of the Executive Committee Meeting | April 28, 2021 | Approved/Adopted during the 2nd Regular Meeting |
| 3. | Summary of the Minutes of the 2nd Regular NLNP-PAMB Meeting | May 20, 2021 | Full minutes will follow |

Furthermore, endorsed are the passed resolutions during the aforementioned meetings.

| Resolution | Remarks |
|---|---|
| No. 1 Series of 2021 – *Resolution authorizing the Protected Area Management Office (PAMO) thru the Protected Area Superintendent (PASu) / Assistant PASu to issue/release clearance or certification as requirement for issuance of cutting permit within titled property covered by the Naujan Lake National Park* | Passed during the 1st Regular NLNP-PAMB Meeting |
| No. 2 Series of 2021 – *Resolution allowing the provincial Government of Oriental Mindoro to establish Food Terminal Complex in Barangay Merit, Victoria, Oriental Mindoro* | Passed during the 2nd Regular NLNP-PAMB Meeting |

Also, attached are photos during the 2nd Regular NLNP-PAMB meeting.

For information, record and approval.

**JOSE MARIA M. FONTANILLA**

Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro
cenrosocorro@denr.gov.ph

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES**
**NAUJAN LAKE NATIONAL PARK**
Protected Area Management Board
Oriental Mindoro

## KATITIKAN NG PAGPUPULONG
***(First Regular NLNP-PAMB Meeting)***

Petsa: March 10, 2021
Lugar: 88 Hotel and Event Center, Poblacion III, Victoria, Oriental Mindoro

**Mga Dumalo:**

1. LUIS C. MANGUBAT - Brgy. Chairperson, Tagbakin, Pola
2. RAQUELITA M. UMALI - MPDC, Naujan
3. RONY A. PEREZ - Brgy. Chairperson, Leido, Victoria
4. GREGORIO A. GEDUCOS - Brgy. Chairperson, Urdaneta, Victoria
5. LYDIA MUÑECA S. MELGAR - PPDO Oriental Mindoro
6. RICMAR B. AZUCENA - DWCC
7. RENING A. CABATAY - Brgy. Chairperson, San Narciso, Victoria
8. ROMEO M.CARLE - Brgy. Chairperson, Merit, Victoria
9. ENGR. MANUEL P. DELICA - MPDC, Socorro
10. CAROLINE G. MANUEL - MPDC, Victoria
11. ENRIQUE P. CASTILLO JR - Brgy. Chairperson, Montelago, Naujan
12. RACHEL B. MONTERO - SRSII DOST Oriental Mindoro
13. MARILYN R. ALCAMIS - PAGO Oriental Mindoro
14. COLETA CANTOS QUINDONG - APCO, Department of Agriculture
15. RICARDO T. DIONA - Brgy. Chairperson, Sto. Domingo, Socorro
16. DANILO R. CASPE - Brgy. Chairperson, Pasi II, Socorro
17. ORLANDO OLIVA - Brgy. Kagawad, Pasi I, Socorro
18. WILLY M, MONTEZA - Brgy. Chairperson, Malabo, Victoria
19. RENATO C. ANONUEVO - Brgy. Chairperson, Dao, Naujan
20. HERMOGENES R. PAGO - Brgy. Chairperson, Bayani, Naujan
21. ALVIN L. MAMPUSTI - Brgy. Chairperson, Matulatula, Pola
22. LORENZO F. CARMONA - MPDC, Pola
23. EDNA M. VILLANUEVA - Brgy. Kagawad, Pakyas, Victoria
24. RONILO B. ROBLEDO - Brgy. Kagawad, Batongdalig, Socorro
25. BOY BARANZO ANDAL - Brgy. Kagawad, Mabuhay II, Socorro
26. MA. LOURDES G. FERRER - RED, DENR MIMAROPA (via Zoom)
27. GRACE DIAMANTE - Executive Director, MBCFI (via zoom)

**Mga Hindi Dumalo:**

1. ROLANDO L. GAYACAN - Brgy. Chairperson, Duongan
2. EDISON O. MANALO - Brgy. Chairperson, San Pedro
3. AGATON E. DELOS SANTOS - Brgy. Chairperson, Bambanin

**Mga Panauhin:**

1. FRANCISCO C. DAPITO - MA-II, PAGO Oriental Mindoro

2. ANABEL PETTERSON - Owner, Artemissium Corporation
3. RICARDO R. NATIVIDAD - DENR PENRO Calapan City
4. AMOR D. ASI - DENR PENRO Calapan City
5. SOCORRO PAGULAYAN - Calapan City
6. TEODORO B. GIDA - Brgy. Kagawad, Tagbakin
7. LARY DARAO - BFAR- Staff
8. VICTOR RAMOS - Resident, Barangay Tagbakin
9. NILO R. GARAN - MAFC Tagbakin, Pola
10. NOMER T. METANTE - Victoria, Oriental Mindoro
11. JOSEPH F. REGALA - Montelago, Naujan
12. SHERWIN MARO M. BUŇAG - Site Engineer, Barcenaga Naujan
13. RONALD B. RAMOS - Brgy. Secretary, Malabo, Victoria
14. KIDELYN I. LONIO - MinSCAT Main Campus
15. KATHY ESCALONA - MinSCAT Main Campus
16. JOSENARI M. SARABIN - BFAR MIMAROPA
17. ROBERTO R. ABRERA - OIC- ARD, BFAR MIMAROPA
18. ANGELLE VILLAR - Vista Pillar Representative
19. ENGR. LOURDES MATALOG - MEO, Socorro
20. LEO G. CAPON - DMO IV, DENR CENRO Socorro
21. JOSE MARIA M. FONTANILLA - ECOMS I, DENR CENRO Socorro
22. ERIC C. GITO - PMF, DENR CENRO Socorro
23. JHON RAZEL F. FERRAS - PSS, DENR CENRO Socorro

**PAGPUPULONG**

Nagsimula ang pagpupulong sa ganap na ika-9:30 ng umaga sa pamamagitan ng isang panalangin na sinundan ng pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas. Nagbigay ng panimulang pananalita si Forester III Amor D. Asi ng DENR PENRO Oriental Mindoro na pinasalamatan ang bawat miyembro ng PAMB sa kanilang pagdalo. Kinilala naman ni Assistant PASu Jose Maria M. Fontanilla ang mga nagsipagdalo at mga panauhin. Kanyang ding ibinahagi na may dalawampu't pitong (27) miyembro ng PAMB ang dumalo sa pagpupulong.

Pinangunahan ni APASu Fontanilla ang pagpili ng tagapanguna ng pagpupulong. Iminungkahi ni MGDH-I Raquelita Umali si PPDO Lydia Muñeca S. Melgar na manguna sa pagpupulong na sinang-ayunan naman ng nakararami.

**Reading and Approval of the Previous Minutes of the Meeting**

Hiniling ng tagapanguna kay APASu Fontanilla na basahin ang katitikan ng nakaraang pagpupulong. Ipinahayag naman ni G. Fontanilla na buod na lamang ng 3rd Regular Meeting ng PAMB noong November 19, 2020 ang kanyang babasahin at ito ay sinang-ayunan ng lahat.

Matapos mabasa ang buod ng katitikan, tinanong ng tagapanguna sa kapulungan kung may komento o paglilinaw tungkol sa nilalaman nito. Dahil sa walang pagtatama o komento ang mga miyembro, iminungkahi ni Punong Barangay Luis L. Mangubat ng Tagbakin, Pola ang pagpasa nito na sinang-ayunan naman ng nakararami.

**Matters arising from the Previous Minutes of the Meeting**

Nagbigay ng ulat si Forester III Amor D. Asi ng DENR PENRO Oriental Mindoro tungkol sa estado ng *Learning Event* para sa Special Use Agreement in Protected Areas (SAPA) at pondo para sa *carrying capacity* at *easement*. Aniya, ang mga nasabing proyekto ay mayroon ng kahilingan sa Regional Office. Noong nakaraang Pebrero nabanggit niya kay RED Ferrer ang tungkol sa pondo ng *carrying capacity* at nasabi ni RED Ferrer isasangguni ito sa Ecosystems Research and Development Bureau (ERDB). Ang tungkol naman sa *Learning Event* ay may follow-up request na ito noong nakaraang Enero at nag-hihintay na lamang ng sagot.

Nabigyang pansin din ang tungkol sa tamang lupon ang maghahawak o magbibigay ng clearance sa mga proyekto ng barangay na sakop ng Naujan Lake National Park. Binigyang diin ni Bb. Asi na dapat maayos at magkaroon ng tamang *guidelines* at lupon na maghahawak o magbibigay ng pirmiso o clearance sa mga proyekto ng barangay at munisipyo na sakop ng NLNP para hindi na kailangan pang isulat o ilahad ang lahat sa agenda ng PAMB meeting dahil ngayon madali na lang ang pag-uusap gamit ang makabagong teknolohiya basta available ang tamang lupon maghahawak ng usapin.

**Presentation and Approval of the Agenda**

Prinesenta ni PPDC. Lydia Muñeca S. Melgar ang adyenda ng pagpupulong at wala namang naging tanong at paglilinaw tungkol sa nasabing adyenda. Iminungkahi ni G. Mangubat ang pagpasa ng adyenda ng pagpupulong na sinang-ayunan ng lahat.

**Meeting Agenda**

**A. Presentation of tree-cutting permit in Barangay Montelago, Naujan Oriental Mindoro.**

Prinesenta ni G. Joseph F. Regala kasama si Forester I Lehen Bautista ng CENRO Socorro ang kahilingan sa PAMB tungkol sa pagputol ng puno. Ang punong ito ay isang Kubi (*natural grown tree*) na nasa tituladong lupa ni G. Regala pero sakop ng *National Park*. Ayon kay Bb. Bautista, nagbibigay ng rekomendadong sertipiko ukol dito dahil nakasaad sa Proklamasyon 282 series of 1956 na kinikilala ang may ari ng lupa bago ang proklamasyon.

Ayon kay Caroline Manuel MPDC ito ay trabaho ng CENRO Socorro o DENR na magbigay ng pirmiso tungkol sa pagputol ng puno at kung sakop naman ito ng NLNP ay dapat isangguni sa PAMO. Sabi pa niya ang pag-putol ng puno ay mayroong *guidelines* na sinusunod at sa kanyang pagkaunawa ay hindi na kailangan pa ng clearance galing sa PAMB dahil sa level pa lang ng DENR ay kaya ng sagutin ito.

Sinabi ni OIC-CENRO Anastacio A. Santos na ito ay dapat pagtuunang pansin dahil ito ay sakop ng NLNP. Nais niyang malaman kung ito ba ay isang *restricted area* kaya pinayuhan niya na kumuha ng permiso sa PAMB.

Iminungkahi ni RED Ferrer na lahat ng proyekto o gawain na may *titled property* na sakop ng National Park at may kinalaman *sa multiple use zone* ay dapat dumaan o mapag-usapan sa PAMB.

Inilahad ni PASu Ricardo Natividad na ayon sa *Expanded National Integrated Protected Areas System Act of 2018* sa ilalim ng *DENR Administrative Order 2019-05* nakasaad dito na ang pagbibigay o pagpapalabas ng mga permiso o clearances para sa mga aktibidad na ipinatupad sa plano ng pamamahala at iba pang pinahintulutang mga aktibidad alisunod sa mga tuntunin, kundisyon at pamantayan na itinatag ng PAMB. Lahat ng mga pahintulot o gawain kabilang ang mga koleksyon para sa mga hangaring pananaliksik ay dapat ding magpatuloy na maibigay ng mga nauuganay na awtoridad na napapailalim sa clearance o pahintulot mula sa PAMB sa pamamagitan ng PASu.

Iminungkahi ni Bb. Manuel na magkaroon ng *resolution* na binibigyan ng pahintulot ang PAMO sa pamamagitan ng PASu o APASu na magpatupad o magbigay ng clearance o permiso na may kinalaman sa pagputol ng puno gamit ang ipinanukalang zoning bilang bahagi ng management plan na sinang-ayunan naman ng nakararami.

**B. Presentation of Nation Kontrol System (NKS) Solar One Inc. re: Enery Project**

Prinesenta ni G. Andre Fausto ang tungkol sa proyekto ng NKS Solar One Inc. na nagmumungkahing magtatayo ng *300 or 400 MW floating solar plant* sa Naujan Lake. Ang mga benipisyo ng NKS Solar One Inc ay ang mga sumusunod: *Decrease in Electricity cost of Mindoro, DENR Ecnomic gains from using Naujan Lake, Possible removal of Mindoro from NPC-SPUG, Lowering of Missionary Electrification Charge and Univesal Charge.*

Sinabi ni G. Ricmar B. Azucena ng DWCC na ang Oriental Mindoro ay maraming Hydroelectric power na nagbibigay enerhiya sa probinsya at baka ito ay sobra o sapat lang sa pangangailangan ng Oriental Mindoro. Kaugnay din nito, maraming tao na nakatira sa lawa na karamihan ay nakadepende sa pangingisda kaya kung lalagyan ng *floating solar panel sa lawa,* ang kanilang kabuhayan ay maapektuhan na hindi angkop sa polisiya ng PAMB. Ayon naman kay Bb. Grace Diamante ng MBCFI, makaapekto ito sa biodiversity sa lugar dahil maiiba nito ang kalagayan sa lawa. Nais din niya na magkaroon ng matibay na posisyon ang PAMB ukol sa mga katulad na proyekto na huwag nang payagan upang mapangalagaan ng husto ang kalagayan ng NLNP.

Ayon kay Red Ferrer kailangang magbigay ng katibayan ang kumpanya na hindi ito makakaapekto sa Naujan Lake National Park at sa iba pang *species* na naninirahan dito. Aniya ang *Renewable Energy* ay maaaring payagan sa mga *protected area* ngunit ito ay kailangang pag-aralan at pagdesisyunan ng PAMB.

Matapos ang masusing pag-uusap, mahigpit na titulan ng PAMB ang pagpapatayo ng Solar Energy sa Naujan Lake National Park kung kaya't inatasan ang PAMO na sulatan ang kompanya tungkol sa desisyon na ito.

**C. Updates re: application for SAPA of LGU Socorro for the Boardwalk/Bicycle Lane Project.**

Prenesenta ni Engr. Lourdes Matalog ng LGU Socorro ang *update* tungkol sa proyekto na ginagawa sa loob ng NLNP. Ito ay hindi pa kompleto dahil noong buwan ng Disyembre hanggang Pebrero ay nagkaroon ng *Suspension Order* dahil sa masamang kondisyon ng panahon. Aniya, noong nakaraang lunes ay bumalik na ang paggawa at inaasahan na kapag patuloy ang ganda ng panahon maaring matapos ito sa loob ng isang buwan. Kasama sa kanyang inilahad na impormasyon ang mga sumusunod:

Name of the Contractor: Executive Engineering Services WTL Construction
Contractor office address: Brgy Teresita Mansalay, Oriental Mindoro
Bid Amount: 49,995,315.60
Project Duration: 270 calendar days
Contract amount: 49 995 315.60
Date of perfection of contract: March 12 2020
Intended completion date: December 10, 2020
LGU Counterpart: None
Date of Nadai: March 6 2019
Moa signing: March 12, 2020
Accomplishment as of February 28, 2021: 91%

Prinesenta naman ni MPDC Manuel P. Delica ng LGU Socorro ang *Comprehensive Development and Management Plan* (CDMP) ng *boardwalk/bicycle lane*. Isa sa mga nilalaman nito ay ang *Indicative Management Plan for Special Used Agreement in Protected Area (SAPA)* para sa NLNP Boardwalk and Bicycle Lane kasama ang mga mapa at litrato ng lugar.

**D. Updates of proponent re: application Sapa Vista Pilar View Deck Cum Conference Area/Lounge**

Prenesenta ni Bb. Maria Larcideth Villar ng Vista Pilar ang CDMP para sa SAPA ng Vista Pilar. Isinaad niya *ang Introduction of the Naujan National Park, Description of the physical data, Analysis of data/information, Mission, Vision, Vista Pilar Designed, Concept, Operation and Organization, Management structure, Business process on the management, Financial projection and Future proposed building.* Ang Layunin ng Vista Pillar ay makapagbigay ng trabaho sa mga tao at makadadag ambag sa turismo.

Sinabi ni RED Ferrer na ang *floating deck* ay magbabayad para sa SAPA dahil ito ay pribadong kumpanya at sinabi niyang hindi siya papayag na magtayo ng iba pang istraktura sa loob ng 40m easement. Hiniling din niya na bilisan ang pagpasa ng SAPA ng Vista Pillar.

Ayon kay G. Delica ang pagtayo ng mga istraktura sa loob ng 40 easement ay maaring maisangguni sa ibang instrumento katulad ECC, Building permit, National Building Code at polisiya ng PAMB.

**E. Presentation re: Construction of Poultry Facility in Barangay Malabo, Victoria**

Inulat ni Nomer T. Metante ang tungkol sa ginagawang *poultry* sa Barangay Malabo Victoria Oriental Mindoro ito ay may layong kalahating metro mula sa lawa ng NLNP. Ilan sa mga magagandang puntos ng proyekto ayon sa kanyang ulat ay makakapagdagdag sila ng mataas na kalidad na produkto, murang presyo, seguridad sa suplay at organikong produkto na maibebenta sa merkado.

Binigyan diin ni Grace C. Diamante Executive Director ng MBCFI na bago isagawa ang paggawa ng *poultry* ay dapat may permiso na ito galing sa HLURB, may permiso sang-ayon sa National Building Code at Bureau of Animal Industry (BAI) nang magkaroon muna ng impormasyon and may-ari ng pasilidad ukol sa mga kailangang dokumentong hinihingi para ganitong kabuhayan na nasa loob ng NLNP.

Inilahad naman ni Marilyn R. Alcañices na ito ay nasa loob ng *multiple use zone* kaya kailangan itong mapag-aralan ang tungkol sa volume of operation. Dagdag pa niya, kailangan nilang magsumite ng *vicinity* at *location map*, at iba pang impormasyon tungkol sa *solid waste management*, *socio-economic* at maaring maidulot nito sa mga nakapaligid na komunidad at pati na rin sa kalikasan.

Hinayag ni CENRO Santos na may pananagutan ang kumpanya sa magiging sanhi nito sa kapaligiran at sa lawa kung kaya't kailangan munang may pag-aaral ukol ditto bego masimula ang mga pagawain, maging ang operasyon sa lugar. Aniya, kailangan din munang humingi ng permiso sa PAMB bago ang iba bang *national permit*.

Sinabi naman ni Bb. Manuel na ukol sa mga permiso na kukuhanin para sa naturang proyekto sa lebel ng munisipyo, maari lang silang gumawa ng *zoning certification* na nagsasabing ito ay nasa loob ng *national park*. Iminungkahi din niya na bago ilagay ang adyenda ay kailangan muna itong dumaan sa tamang lupon sa PAMB at ang lupon ang maglalahad sa PAMB meeting.

Napagkasunduan na isasangguni ito sa lupon ng *Biodiversity Conservation and Monitoring* sa pangunguna ni Bb. Alcañices na siyang magpupulong para mabigyag pansin ang mga kritikal na aspeto ng proyekto kasama ang iba pang miyembro ng komite.

**F. Issue re: Proposed Tilapia fingelings dispersal in NLNP**

Naglahad ng impormasyon si OIC-Assistant Regional Director Roberto A. Abrera ng BFAR MIMAROPA tungkol sa tilapia. Ayon sa kanya, ang tilapia ay isa sa mga pangunahing prayoridad ng ahensya ng BFAR. Ito'y sapagkat ang uri ng isda na ito ay nagiging kabuhayan na nang maraming Pilipino sa buong bansa at isa rin sa pangunahing pinagkukunan ng pagkain. Sa ngayon, ito ay matatagpuan at dumarami saan mang anyong uri ng anyong tubig *(inland-badies of water)* kung saan ito ay nabubuhay.

Ang pagkakaroon ng tilapya sa lawa ay nakakatulong sa pagdami ng populasyon ng mga isda rito. Ito'ý dahilan ng pagkakaroon nang pagpapanatili nang magandang kabuhayan sa mga taong naninirahan dito. Kung hindi magkakaroon ng pagpapadami ng tilapia sa lawa ay maaring maging resulta nang labis na pangingisda sa lawa ay itoý nakaaapekto sa pag-unti ng ibang lahi ng isda.

Dagdag pa niya, ang lebel ng panghuhuli ng isda *(catches per unit)* sa lawa ay nagiging maunti na sa ngayon. Dahil dito, ang probinsya ng Oriental Mindoro ay nananatiling hindi sapat ang suplay ng isda para sa mga mamamayan kung kaya't umaangkat pa sa ibang bansa upang mapunan ang kakulangan.

Tinanong ni G. Ricmar Azucena ng DWCC kung bakit kailangang magpakawala ng fingerling kung ang tilapia ay isang isdang mabilis dumami at maaaring maging salot sa ibang uri ng isda. Sagot naman ni Bb. Alcañices ang *Natural Exponent* ng isdang ito ay hindi sapat sa dami na kailangang isda ng mga tao. Sabi pa ni G. Abrera ang mga itlog ng tilapia ay kinakain ng palos, dalag at biya kaya ang survival rate nito ay maaring 10% lamang.

Tinanong naman ni Executive Director of MBCFI Grace C. Diamante ang BFAR tungkol sa *management approaches* nito sa pagpapakawala ng fingerling. Malinaw na nakasaad dito na walang fingerling ang ilalabas sa loob ng protected area. Ibinahagi din niya na sa *National Level* ay nagkaroon ng petisyon ukol sa usaping ito kahit na ang programang BASIL ay talagang nagpapahiwatig ng siguridad sa pagkain pero dapat may ibang pagpipilian ang BFAR patungkol sa pagpapakawala ng *fingerlings* katulad na lamang ng *non-protected area* na mas higit na akma tungkol sa pagpapakawala ng *fingerlings* dahil sa *protected area* katulad ng NLNP ay wala pang nagagawang pag-aaral tungkol sa stock at hindi alam kung paano ito makakapekto pagkatapos ilagay ang *fingerlings* dito. Hiniling niya sa BFAR na ma-*double check* ang estado ng Programang BASIL sa *National Level*.

Sagot naman ni G. Abrera ang mga nabanggit ay mungkahi lamang ng BFAR para makapagdesisyon ang PAMB. Wala silang planong lumabag sa batas ng pagpapakawala ng *fingerlings* sa lawa. Tungkol naman sa *stock assessment*, dagdag niya na maaaring magkaroon ng pag-uusap tungkol dito kasama ang PAMO, *Provincial Government* at PAMB para malaman ang mabisang paraan upang malaman ang *stock* tapos ibabahagi sa may mataas na kinuukulan para mabigyan ng pondo.

Ayon kay RED Ferrer ang isyu tungkol sa *fingerling dispersal* ay maayos na iminungkahi sa *National Agencies* at naghihintay na lamang ng sagot dito.

Sumasangayon si G. Mangubat sa pagpapakawala ng fingerling para madadagan ang kanilang pangkabuhayan. Iminungkahi naman ni Barangay Chairperson Enrique Castillo, Jr. ng Montelago, Naujan ang isa sa mga pook sa kanilang lugar sa Montelago ay maaaring mapaglagyan ng *fingerlings* dahil hindi malaki ang mga alon doon.

Sabi naman ni Bb. Alcañices, na kailangang magkaroon ng *urgent meeting* para mapag-usapan ang panig ng *National Agency* at mga *stakeholders* kaugnay sa usaping ito.

Napagkasunduan naman na hihintayin ang ilalabas na sagot ng *National Agency* tungkol sa pagkakawala ng *fingerlings*.

**Updates on Goby Conservation and Aquaculture Study of MinSCAT**

Prenesenta ni Dr. Katherine P. Sanchez - Escalona ng MinSCAT ang *update* tungkol sa pag-aaral ng Goby Conservation and Aquaculture. Prenesenta niya ang isang programa na may apat na pag-aaral:

- **Program:** Research and Development on Goby Conservation, Management, and Culture in Captivity (Goby)
  **Study 1**: Survey and Population Differentiation of Goby Species in Naujan Lake,
  **Study 2**: Length-weight relationship of White Goby;
  **Study 3**: Reproductive Biology and Gut Content of White Goby, *Glossogobius giuris* (Hamilton, 1822) of Naujan Lake
  **Study 4**: Phytoplankton Community as Bio-indicator of Naujan Lake water quality.

Prinesenta din niya ang mga kasalukuyang pag – aaral; na Genetics of Goby, aquaculture potential, water quality studies, and value chain analysis.

Ikinasiya naman ng PAMB ang resulta ng pag-aaral na isinagawa ni Dr. Escalona at ng MinSCAT na maaaring magamit upang maparami ang biya sa lawa.

**Presentation of the result of the Biodiversity Monitoring System (BMS)**

Inilahad ni Forest Technician II Charity A. Linatoc ng DENR CENRO Socorro ang resulta ng BMS na isinagawa sa Barangay Leido, Bambanin, Duongan, Malabo, San Narciso at Malabo. Ibinahagi din niya ang isinagawang transect cruise noong January 27 at February 24, 2021.

Ang mga sumusunod ay ang mga problema o usaping nakalap mula sa mga residente sa pagsasagawa ng Focus Group Discussion (FGD) na bahagi ng BMS.

- Iligal na pangingisda paggamit ng series at Lakad, baklad at habing
- Hindi tamang pagtapon ng basura
- Fingerlings Dispersal
- Paggawa ng Poultry malapit sa Naujan Lake National Park
- Kahilingan na magkaroon ng gamit sa pangingisda
- Kahilingan na magkaroon ng viewing deck
- Kahilingan na ibahagi ang mga inpormasyon na narinig mula sa PAMB meeting para sa kaalaman ng lahat.

Prinesenta din ang mga rekomendasyon tungkol sa mga nasabing isyu:

- Pagkakaroon ng pulis na aaksyon pero hindi dapat galing sa munsipyo ng mga munisipyo na sakop ng Naujan Lake National Park
- Magkaroon ng Bantay Lawa
- Regular na pagkuha ng truck ng basura sa mga basurahan na nasa loob ng NLNP
- Ang isyu tungkol sa pagpapagawa ng poultry malapit sa Naujan Lake ay pag-uusapan ng mga miyembro ng komite ng *Biodiversity Conseravation and Monitoring.*

Ayon kay Forester III Amor D. ASI paulit-ulit na lamang ang mga isyu na inilalahad sa resulta ng BMS. Aniya, dapat ay kayang-kaya itong binibigyang soluyon ng mga Barangay. Binigyan diin din niya na ang kapitan ng Barangay ay may mahalagang gampanin patungkol sa isyu na ito. Hiniling niya na magkaroon ng pag-uulat ang bawat kapitan tungkol sa kanilang barangay, mga kagamitan na makakatulong o makakahadlang sa pag-unlad ng lawa. Tungkol naman sa pagpapagawa ng viewing deck maari itong isagawa at gumawa lamang ng proposals at programa ukol dito dahil meron tayong *Biodiversity Friendly Enterprise* ng *Biodiversity Management Bureau* (BMB) na magpopondo sa gawain na ito.

Ibinida ni G. Abrera ang tungkol sa proposed IFARMC, pinalalakas ito upang makatulong sa *Law enforcement* nakikipag-ugnayan na din sila sa Provincial, Municipal LGUs, PAMB at PASO. Mandato ito ng BFAR na bigyan proteksyon at pahalagahan ang mga isda. Sinabi naman ni G. Castillo na wala silang kakayahan na hulihin ang mga iligal na mangingisda dahil wala silang kagamitan para gawin ito.

Nagbigay si G. Fontanilla ng update tungkol sa *law of enforcement,* aniya hinihintay lamang ang naipasang resolution na naisanguni sa PAMB noong nakaraang November 19, 2020 ito ay tungkol sa patrol boat at kahilingan na magkaroon ng pulis na magpapatrol sa NLNP.

Napagdesisyunan na ang Presentation of Work and financial Plan of NLNP Pprotected Area Management Office (PAMO) for FY 2021, Review and updating of

endorsed PAMB Resolutions at other Matters ay ilalahad na lamang sa Executive Committee meeting.

Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-4:16 ng hapon.

Inihanda ni:

**JOSE MARIA M. FONTANILLA**
ECOMS I / Assistant PASu, NLNP

Pinagtibay ni:

**LYDIA MUÑECA S. MELGAR**
Tagapangulna

Pinatunayan ni:

**MARIA LOURDES G. FERRER, CESO III**
DENR Regional Executive Director, MIMAROPA

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES**
**NAUJAN LAKE NATIONAL PARK**
Protected Area Management Board
Oriental Mindoro

# KATITIKAN NG PAGPUPULONG
## *(First Executive Committee Meeting)*

Petsa: April 28, 2021
Lugar: Via Zoom Application

**Mga Dumalo**

1. RAQUELITA M. UMALI - MPDC Naujan
2. RICMAR B. AZUCENA - DWCC
3. ENGR. MANUEL P. DELICA - MPDC Socorro
4. MARILYN M. ALCAÑICES - PAgO Oriental Mindoro
5. LYDIA MUÑECA MELGAR - PPDO Oriental Mindoro
6. GRACE C. DIAMANTE - Executive Director, MBCFI
7. AMOR D. ASI - DENR PENRO
8. RICARDO R. NATIVIDAD - DENR PENRO
9. JOSE MARIA M. FONTANILLA- DENR CENRO Socorro
10. JHON RAZEL F. FERRAS - DENR CENRO Socorro
11. ANNABELLE PETERSON - Owner, Artemisium Corporation
12. PAT ANDREW BARRIENTOS - Center Director, ATI MIMAROPA

## PAGPUPULONG

Nagsimula ang virtual meeting sa ganap na ika-9:00 ng umaga sa pamamagitan ng isang panalangin na sinundan ng pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas. Nagbigay ng panimulang pananalita si Forester III Amor D. Asi sa ngalan ni PENRO Maryjune F. Maypa, na pinasalamatan ang bawat miyembro ng Protected Area Management Board PAMB sa kanilang pagdalo. Umaasa siya na ang lahat ay *safe and well*, malayo sa anumang sakit at maging makabuluhan at maayos ang pagpupulong para sa ikaaayos ng Naujan Lake National Park (NLNP). Kinilala naman ni Assistant PASu Jose Maria M. Fontanilla ang mga nagsipagdalo sa pagpupulong.

Pinangunahan ni G. Fontanilla ang pagpili ng tagapanguna ng pagpupulong. Iminungkahi ni PAGO Marilyn Alcañices si DWCC Ricmar Azucena na manguna sa pagpupulong na sinang-ayunan naman ng nakararami.

## .Presentation and Approval of the Agenda

Prinesenta ni G. Azucena ang adyenda ng pagpupulong at walang naging tanong at paglilinaw tungkol sa nasabing adyenda. Sinang- ayunan naman ng lahat ang pagpasa nito. Sinama na mapag-usapan ang mga sumusunod na *other matters*:

- Dredging of Butas river
- Issuance of certification for gasoline station within NLNP
- Status/updates of NLNP Protected Area Bill

**Meeting Agenda**

**A. Updates and review of Comprehensive Development Management Plan (CDMP) of Boardwalk Bicycle Lane Project of LGU Socorro**

Inilahad ni MPDC ng Socorro G. Manuel P. Delica ang updates tungkol sa Comprehensive Development Management Plan (CDMP) para sa Special Use Agreement in Protected Areas (SAPA) ng boardwalk bicycle lane. Ipinaabot niya na ang tapos pa lang na bahagi ng proyekto ay ang phase one (1) na kung saan ito ay 683 linear meters o 1/3 or 30% malayo pa sa kabuuang haba na 2 kilometers. Aniya, nagkaroon ng problema sa phase two (2) kahit na may pondong nakalaan para dito. Ito ay dahil nasa proseso pa ng negotiation kung sino ang magpapatupad ng proyekto kung ang Tourism Infrastructure and Economic Zone of the Philippines o ang Local Government Unit (LGU). Kaya ang construction ng phase two (2) ay hindi pa alam kung kailan masisimulan. Ang saklaw ng CDMP ng boardwalk / bicycle lane ay ang total length target nito na 2 kilometro. Ito ang inaasahang proyekto ng Munisipyo ng Socorro. Dagdag pa niya kung magkakaroon ng pagkabalam sa implementasyon ng 2nd, 3rd at 4th phase, ang phase one (1) ay maaring maging tourism aspect kung mapapagkasunduan ng nakararami. Sabi pa niya, ang phase one ay para lamang sa mga walkers na gustong mamasyal na ang end result ay iikot hanggang doon sa 683 linear meters. Ito ay hindi pa akma para sa bicycle lane o sa mga nagbibisikleta. Ipinahayag niya na may planong taniman ng bangkal o anumang *relative trees* ang bahagi ng lakeshore. Nabanggit din niya na nais makausap ng kanilang representante ang PAMB para malaman kung anu ang magiging opinyon nito sa paniningil ng *entrance fee* o *environmental fee* sa mga taong pumunta don sa area habang inihintay ang pagpapagawa sa ibang *phases*. Pinagplaplanuhang kabitan ito ng solar para magamit sa gabi at CCTV para malaman kung sino ang mga taong may masamang hangarin na sirain ang anumang imprastraktura ng nasabing proyekto. Ang nasabing CCTV at solar ay pondo ng Munisipyo under Economic Aspect.

Itinanong ni G. Ricmar Azucena kung kailan kaya makukumpleto ang proyektong ito. Binigyan diin ni Bb. Asi ang kahalagahan ng SAPA *compliance*. Iginiit niya na magandang ma-*follow-up* ang iba pang *requirements* katulad na lamang ng *Municipal resolution*. Sinabi naman ni G. Delica na nakapagpasa na sila sa CENRO Socorro ng *project description* suportado ng mga mapa at litrato ng *proposed area, development plan, timetable* at *description of activities* mula sa preparasyon at implementasyon ng proyekto at Environmental Compliance Certificate (ECC) maliban sa Municipal Ordinance o resolution.

Samantala, prinesenta ni G. Fonatanilla ang mga sumusunod na general requirements para sa SAPA application:

- *Duly accomplished application form*
- *Certified copy of birth certifiacate or any other evidence of Filipino citizenship (for individuals) or ownership (for corporations).*
- *Project description supported by maps and pictures of the proposed area, development plan, timetable and description of activities from preparationwith project implementation. The descripyion should show sustainable management and development.*
- *Proof of financial capability to manage and develop the area applied for based on paid up capital and/or collaterable real properties*
- *Free and prior informed consent of cocenrned IPs, as the case maybe*

Para sa mga grupo o korporasyon, ang mga sumusunod naman ang *requirements*:

- *Copy of the SEC registration, articles of incorporation and By laws. A resolution of the governing board designating the authorize representative of the said corporation, association or partnership, if applicable*
- *Copy of the resolution or Ordinance approved by the respective Sangguniang Panlalawigan/ Bayan if the applicant is Local Government Unit (LGU)*
- *For cooperatives, a certificate of registrationwith the Cooperative Development Authority*

Sinabi ni G. Fontanilla na ang Munisipyo ng Socorro ay hindi pa nakakapagpasa ng *Duly accomplished application form* para sa SAPA pero ang Indicative Management plan ng Boardwalk Bicycle lane ay naipasa o natanggap ng PAMO.

Hiniling ni Ms. Alcañices na magkaroon ang bawat miyembro ng PAMB ng kumpletong listahan ng requirements sa SAPA tapos lagyan ng tsek ang mga requirements na naipasa na ng proponent. At para sa mga hindi pa naipapasang requirements dapat ito ay may araw o petsa kung kailan ipapasa para malinaw o maayos ang lahat. Ito ay sinang ayunan ni Bb. Asi.

Tinanong naman ni G. Azucena kung bakit wala pa ang application form na dapat ito ang unang maipasa. Sagot naman ni G. Delica ang natapos pa lamang na bahagi ng proyekto ay phase one (1) na kung saan ito ay 683 meters o 30 % ng kabuuang target na two (2) kilometres. Dagdag pa niya na ang proyekto ay *on-going* at kung kailangan na magpasa ng aplikasyon para sa 683 linear meter sila ay tutugon. Paliwanag naman ni Bb. Asi na kung ang *total target* ay two (2) kilometro ito ang dapat ilagay sa aplikasyon sa SAPA at hindi 683 linear meters lamang dahil kung ang ilalagay lang ay kung ano iyong natapos ngayon, gagawa ulit sila ng panibagong application.

**Updates and review of CDMP Vista Pilar Floating View deck cum Conference Area/Lounge**

Tungkol sa SAPA compliance ng Vista Pilar floating deck cum Conference Area/lounge. Sinabi ni G. Fontanilla na hindi pa nakakapagpasa ng maps of the area ang Vista Pilar at ang kanilang CDMP ay hindi gaanong kumprehensibo. Tungkol naman sa estado, parehas lang doon sa presentation na kanilang prenisenta noong PAMB meetings.

Napansin ni Forester Asi na ang pagpasa ng mga requirements ng LGU at Vista Pilar ay paisaisa. Sinabi niya na dapat naka folder na ito dahil binigyan na sila ng listahan ng mga requirements para sa SAPA. Ayon pa sa kanya hindi dapat tanggapin ng CENRO kung paisa isa ang pagpasa ng mga requirements para maiwasan ang pagkalito kung anu ang mga naipasa na at hindi pa. Nagmungkahi siya na magkaroon ng isang araw para talakayin ang tungkol sa SAPA ng dalawang proyekto dahil matagal na itong pinag-uusapan at matagal na nagbigay ng listahan ng mga requirements na kailangan ipasa pero hanggang sa ngayon ay hindi pa rin kumpleto ang lahat ng requirements sa SAPA. Sinabi din niya na dapat may kaukulang araw kung kailan ipapasa ang mga requirements para sa sunod na pag-uusap ay kumpleto na ang mga ito.

Sinabi ni G. Fontanilla na sila ay nakikipagunayan sa LGU Socorro at Vista Pilar para sa kulang na requirements sa SAPA na kailangang ipasa.

**Proposed issuance of PAMB Resolution regarding the construction of trading post in Barangay Merit Victoria**

Prenisenta ni Bb. Alcañices ang proposed construction ng trading post sa Barangay Merit, Victoria. Ayon sa kanya, noong Ika-26 ng Pebrero, taong kasalukuyan, naglabas ng sertipikasyon ang PENRO sa pamamagitan ng CENRO Socorro at PAMO na ang lugar na Provincial Demo Farm ng Provincial Government ay sakop ng NLNP at ito ay bahagi ng *multiple use zone* at hindi ng *strict protection zone* na kung saan ay suportado din ng mapa. Ang proyekto ay makapagbibigay ng benipisyo sa lahat ng magsasaka ng Oriental Mindoro para maging imbakan o lalagyan ng kanilang mga kalakal katulad ng kalamansi, saging at iba pang mga prutas na mayroon ang Oriental Mindoro. Dagdag pa ni Bb. Alcañices, ang Provicial Government ng Oriental Mindoro ay humihingi ng resolution sa PAMB na pinapayagan silang magtayo ng food terminal complex sa Barangay Merit, Victoria.

Ang draft resolution ay iprepresenta sa *en Banc* para sa pagpapatibay nito.

**Issue re: collection of boat registration for Integrated Protected Area Fund in the Municipality of Naujan**

